

# 1

Victoria Rodriguez retouched her makeup carefully in front of the mirror inside the crowded female comfort room of *Araneta Coliseum*. She checked her reflection. Long brown hair, all silky and brushed: check. Light make-up on her smooth porcelain skin: check. Lip gloss, not too much: check. No lipstick stain on her front teeth: check.

*Good. Kontento siyang napangiti sa sarili.*

“Ang guwapo ni Jerard, ano?” Napatingin si Victoria sa babaeng nagsalita mula sa salamin. Typical fan girl ang hitsura ng mga ito: magaganda, sexy, maiikli ang damit. They looked like any of the million fan girls of *Andromeda*, ang bago at smashed hit alternative rock band ngayon sa Pilipinas.

“Gosh, hindi ko talaga huhugasan ang kamay this whole week para hindi matanggal ’yung pirma niya sa kamay ko!” Kilig na kilig ang babae.

Hindi naiwasan ni Victoria ang lalong mapangiti sa sarili sa narinig na usapan ng dalawang fans na kapapasok lang sa CR.

“Sira, mas guwapo si Lance. Kaya nga siya ang

ginawang lead vocalist, di ba?” sabi ng isa pang babae.

*Yes. I definitely agree with you*, nakangiting sabi niya sa sarili. Muling inayos nang kaunti ni Victoria ang buhok at akmang tatalikod na sa salamin nang matabig siya ng isa sa dalawang babaeng nag-uusap.

“Excuse me,” magalang niyang pakikiraan at pagdaan.

“Hey! Victoria!” tawag ng babae. Obvious sa expression ng mukha niya na hindi pamilyar sa kanya ang mukha ng babaeng tumawag.

“It’s me, Jessica! Ano ka ba girl, magkaklase tayo sa BA 145.”

Wala ring silbi iyon. Kahit na kaklase niya pa ito sa lahat ng klase niya this school year—heck, kahit pa nga since first year college, imposibleng matandaan niya ang mukha nito, much less ang pangalan at kung sino ito. She never really remembered her classmates’ names and faces. Para sa kanya kasi hindi mahalaga iyon. Isang pangalan, isang mukha, isang existence lang kasi ang mahalaga para kay Victoria. Lahat ng atensyon niya nasa isang taong iyon lang.

“Ah yes, Jessica,” pagkukunwari niya.

“Superb ang concert, ’no?” nakangiting anito. Nginitian rin niya ito. Naging playful ang ngiti nito. “Sabihin mo, may private pass ka sa backstage, ano?”

Hindi naiwasang mag-warm up si Victoria sa pagiging friendly ng babae. “Yes.”

Jessica pouted prettily. “Daya mo naman, Girl. Sana kami rin. ‘Sabagay expected na ’yon, di ba?’” Then, lumapit ito sa kanya at binulong nang mahina. “Siyempre girlfriend ka ni Lance, di ba? Suwerte mo, Ate.” Kinindatan siya nito.

Namula si Victoria. “That’s not true, magkababata lang kami.”

“Fine, fine. Sige, i-deny n’yo lang. Sige na, Girl. Baka nag-aalala na ’yon sa iyo. Alam naman namin kung ga’no ka-protective ’yon sa princess niya. Sige na, puntahan mo na.”

Gusto pa sanang makipagtalo ni Victoria para pabulaanan na girlfriend siya ni Lance, pero tumalikod na ang babae at nag-retouch na ng makeup nito. Biting her lower lip, lumabas na lang si Victoria sa CR.

*Girlfriend?* Napabuntong-hininga si Victoria.

Wish lang niya. Lance might have been treating her like a princess since they were kids, but he never

once showed any romantic inclinations toward her. He was treating her more like a fragile vase.

Napabuntong-hininga uli siya at di-namalayang napahawak ang isang kamay sa tainga niya. Mannerism kasi niyang hawakan ang hikaw na regalo sa kanya ni Lance noong six years old pa sila.

Siguro kung kagaya siya nila Jessica na straightforward at bold, baka mas magustuhan siya ng kababata at baka mas makita siya nito as a woman, pero sa pagiging kimi niya at sobrang hinhin, sa palagay ng dalaga ay kapatid lang ang turing nito sa kanya. Muling nahimas ni Victoria ang earlobe niya, tapos natigilan siya nang may mapansin.

Kinapa niya nang mabuti ulit ang earlobe.

“God!” bulalas niya ng masiguradong wala ang earring. Dali-dali siyang bumalik sa CR.

*Dear God! Pinapagalitan mo ba ako for being greedy? usal niya sa sarili. Please let me find it, I swear I won't ask for anything much, just don't let me lose that earring!* pagsusumamo niya sa Diyos habang halos patakbo siyang bumalik sa CR.

Pagbukas niya ng pinto ng restroom, dali-dali siyang lumapit sa may salamin at tarantang hinanap ang maliit na hikaw.

*Please don't let me lose it. Please, please...*

“Hindi nga, girlfriend ’yon ni Lance?” Natigilan bigla si Victoria sa paghahanap. Nagmula ang boses sa may bandang unahan ng pila sa mga cubicles.

“Not really. Siya lang ang sunod nang sunod kay Lance. Kung makikita mo lang siya sa school, she’s shameless. She clings to Lance like gum,” sagot ng kausap ng unang babae.

Nawala bigla sa isip niya ang hinahanap na earring. She did not dare move. Ni wala siyang lakas ng loob na silipin man lang ang may-ari ng boses. Pero hindi naman kailangan pang lingunin niya kung sino iyon. Hindi puwedeng magkamali si Victoria, kay Jessica ang pangalawang boses. Narinig niyang tumawa ang kasama ng babae.

“My, ikaw ha. Kanina ang bait-bait mo, ngayon ang maldita mo, ha,” uyam nito.

“Of course I’m all goody-goody in front of her. Filthy rich kaya ang lolo n’un. Hatid-sundo ’yon ng driver sa *BMW* ’kala mo. Yabang ’no? Show off kaya maraming naiinis d’un sa school. Akala mo, mahinhin pero kung makadikit kay Lance ay, ’Neng, kahit ikaw mahihiya para sa kanya.”

Namutla si Victoria sa narinig. Hindi niya

namalayan, nanlalamig na rin ang mga kamay niya.

“Pero kasi nga rich kid kaya siyempre lahat ay all sweet and nice to her, pero in reality.... Ay, naku. Snob ’yon sobra, unsociable, akala mo kung sinong prinsesa na ayaw makihalubilo o makipag-usap man lang sa commoners. Pero pagdating naman kay Lance, ay, Ate, I won’t say more—”

Hindi na kaya ni Victoria na makinig pa sa usapan ng dalawang babae, tila wala siya sa sarili nang lumabas ng banyo.

Hindi siya makapaniwala, Jessica was very friendly and warm to her just seconds ago. Ganito ba ang lahat ng kaklase niya sa kanya?

Tahimik siyang naglakad papunta sa backstage kung nasaan ang private room ng banda.

Siya, snob? No way. Mahiyain oo, pero snob? Hindi talaga. She never ever looked down on people. Alam ito ng lahat ng taong malapit at nakakakilala sa kanya. Alam ito ni Lance.

Napahigit ng hangin si Victoria.

Tama, hindi niya kailangang ma-depress. Hindi totoo ang sinabi ng babaeng iyon, hindi mahalaga ang opinyon ng mga taong hindi naman siya talaga

kilala. Ang mahalaga, kilala niya ang sarili niya at ng mga taong malapit sa kanya.

Ang mga taong kagaya ni Jessica ay mabait lamang sa kanya dahil mayaman siya. Siguro lahat ng mga naging kaklase niya simula noong mag-transfer siya kasama ni Lance sa third rate private school noong second year high school sila, mabait sa kanya dahil lang nga sa mayaman ang lolo niya. Kung sana nanatili siya sa mga first rate schools kung saan mga kagaya niyang napapabilang sa upper class families ang mga estudyante, hindi niya iyon magiging problema. But since kinailangan ni Lance na mag-transfer sa school with lower tuition fee nang mamatay ang tatay nito, Victoria had no choice but to transfer with him. After all, she could not afford not to be with him, because he was her only real friend. Ito lang tanging nakakaunawa sa kanya.

Her parents died in a plane accident when she was only five. Simula noon, ang pamilya na ni Lance ang naging pamilya na rin niya. His father was the assistant of her grandfather, at dahil sa wala silang ibang kamag-anak na puwedeng makasama niya, ang pamilya na nga ni Lance ang naging surrogate family niya. Since then, she became really attached to Lance. He was so kind to her, so sweet, so gentle. Ito ang prince niya... her everything.

“Miss Victoria, pupunta ba kayo sa private room ng band?” pukaw ng P.A. ni Lance sa malalim na pag-iisip niya.

“Ah, oo.” Wala sa loob na tumango siya sa nakasalubong na P.A.

“Padala naman po nito sandali, kukuha pa kasi ako ng extra towels sa van.” Inabot nito sa kanya ang mga mineral water. Bago pa siya makaayon o makatanggi, nakaalis na ang P.A.

Dahil wala naman siyang choice, tinungo na lang niya ang private room ng banda sa backstage.

Napangiti siya sa sarili. Yes, okay lang kahit na lahat ng tao laban sa kanya. It was okay even if the whole world could not understand her.

As long as Lance was there for her, it was okay.

Malapit na siya sa pinto nang marinig niya ang tawanan ng miyembro ng mga banda. Akmang papasok na siya sa medyo bukas na pinto nang marinig niyang magsalita si Jon, ang lead guitarist ng banda.

“So ano, Pare, ide-deny mo pa rin ba na girlfriend mo si Victoria?”

Napatigil siya sa pagpasok. *What’s with this day?*



Bakit parang lagi yata siyang nakakarinig ng ganitong conversation ngayon?

Narinig niyang may tumawa na tila sarkastiko and she knew instantly na si Lance iyon. She knew his laugh, his voice, his shadow, his silhouette—everything about him! She would recognize every part of him anytime, anywhere.

“Yeah, right.” Mas naging pronounced ang sarcasm sa boses ni Lance. Kinabahan bigla si Victoria. “She’s a pain in the ass.”

*That’s a joke.* Mabilis na na-activate ang defense mechanism ng utak niya. *Hindi si Lance ang nagsasalita.*

“She’s clingy, she’s a crybaby, she’s boring, she’s dull. Para siyang aso na sunod nang sunod sa ’kin since we’re kids.” Nasundan iyon ng malalakas na tawanan.

Victoria felt paralyzed, paralyzed dahil sa matinding shock.

“Pare, ang sama ng ugali mo. Eh, bakit kapag kaharap mo, parang ikaw ang aso na sunud-sunuran sa gusto niya.”

“Ikaw kaya ang magkaroon ng milyonaryong

lolo. Tignan natin kung di kami maging parang asong sunud-sunuran din sa 'yo.” Naitakip niya ang isang kamay sa bibig habang tila nag-replay ang sitwasyong narinig niya sa CR ilang minuto pa lang ang nakakaraan.

*“Of course, I’m all goody-goody in front of her. Filthy rich kaya ang lolon’un.”*

“The only reason why I tolerate her is because my family’s indebted to them.” There was bitterness in Lance’s voice. “Isipin n’yo na lang ang paghihirap ko, I have to put up with her everyday, have to always make sure I don’t get her upset... or else, lagot ako sa lolo niya. Para siyang bubble gum kung dumikit. Nakakasakal siya.”

*“She sticks to him like gum.”*

“Pero, Pare, she’s pretty naman—”

“Yeah, she’s pretty but not that spectacular. Maraming babaeng mas maganda, she’s just ordinary. Walang kuwenta ang pretty face niya dahil boring naman ang personality niya—”

“O, Miss Victoria, bakit di ka pumapasok sa loob?” Natigilan sa pag-uusap sina Lance sa loob ng private room nang marinig ang boses ng P.A. No one dared to breathe nang mga segundong iyon.

“Miss Victoria! Bakit ka umiiyak?” Binuksan nang tuluyan ng P.A. ni Lance ang pinto at iginiya siya sa loob.

Tila nakagat ng pusa lahat ng dila ng mga miyembro ng *Andromeda*.

“Pare...” Siniko ni Jerard si Lance.

Imbis na magpakita ng remorse, the latter merely tilted his head to one side then said cruelly, “Look, the princess is crying.”

Victoria felt like the world was coming to an end. Akala niya, it was already imposible to be hurt more than she already was feeling. Pero nang malamig at buong heartless na sinabi iyon ni Lance, pakiramdam niya binudburan at diniinan ng asin ang sugat na kakagawa pa lang nito.

“Hoy, Lance—” Si Jerard pa rin.

“Mabuti na rin at narinig mo. I was dying to find a way to get rid of you anyway. Oras na para lubayan mo 'ko, don't you think so, Princess?”

Matatalim bagaman namumula ang mga matang ipinukol ni Victoria rito. God, sino ang taong ito? He definitely looked like the Lance she knew since she was five... the same handsome, the same brownish

hair with a tint of red, the same baritone voice, the same lean and tall frame that protected and comforted her whenever she needed it. Lahat sa appearance nito sinasabi sa kanya na ito si Lance, ngunit nabago ang lahat dahil sa mga masasakit na salita na binitawan nito sa kanya. Kahit kailan, hindi sasabihin ni Lance ang mga iyon. Not her Lance.

Sunud-sunod ang patak ng luha niya.

“I’m deeply indebted to your family. You’ve been a great help financially, pero ’wag kang mag-alala. I’ll pay you back. Kaya ko nang gawin ’yon ngayon. Siguro naman puwede na ’kong tumigil bilang babysitter mo?”

Napakuyom-palad si Victoria. Paulit-ulit na umalingaw-ngaw sa loob ng utak niya ang lahat ng sinabi nito.

All this time na naniwala siyang totoo ang kabaitan nito sa kanya, kasinungalingan lang pala ang lahat.

Napatawa nang mapait si Victoria. How could she be so stupid? How could she be so blind?

Nailing siyang napatawa nang malakas.

Nagkatinginan sina Jerard sa isa’t isa. Naging

matalim ang tingin ni Lance sa kanya. “What, gone insane now, Princess?” malamig nitong untag.

Victoria snorted disgustedly. “On the contrary, I’ve been cured of my insanity,” she said even more coldly to the man she considered her everything not less than ten minutes ago.

Sa kung anong dahilan, huminto ang pagpatak ng luha niya. She never thought it was possible to change this much in just a couple of minutes.

“Ano’ng sinabi mo? I’m boring? Dull? Puwes, ikaw naman stupid at coward. Hindi ko akalaing ganito ka kababaw, ginawa mo lahat ’to dahil lang sa takot ka sa lolo ko?”

“You bitch—”

“Oy, Lance!” awat dito ng mga bandmates nito.

“Patty, ilabas mo muna si Victoria,” utos ni Jerard sa P.A. ng lalaki.

“Don’t you dare touch me,” kalmado pero mariin niyang sabi as she looked sharply at the personal assistant. Victoria tilted her head to one side at tinitigan si Lance na para bang ipis ito na pinandidirian niya. “Masyado kang yumabang. Kaunting fame at pera lang nagkaganyan ka na? You’ll see, I’ll tear you

to shreds!”

Ito naman ang tumawa. In her eyes, Lance’s handsome face suddenly looked so ugly.

“Sure, kayang-kaya mong gawin ’yan. Siyempre tatakbo ka sa lolo mo para sirain ako, di ba? ’Yan lang naman ang kaya mong gawin—ang tumakbo sa ibang tao for help. You’re useless by yourself, Victoria. You’re *nothing* without me.”

Before she knew it, nabato na niya ang hawak na mineral water bottles kay Lance.

“How dare you!” She thought she would cry again—the old Victoria ten minutes ago would have cried, pero hindi niya magawa. Ang Victoria ngayon na puno na ng anger, repulsion at hatred ay hindi na kayang umiyak. “You’ll see! Gago ka! Ibabagsak talaga kita even if it’s the last thing I do, you bastard! I will tear you down myself you’d be sorry you’ve been born!” Marahas na tinanggal niya ang natitirang earring sa tainga at binato iyon kay bokalista. Salamat sa Diyos at hindi niya sobrang pinaghirapang subukang hanapin pa ang nawalang hikaw sa banyo, the effort would have just been wasted.

Shit! Ang dami niyang effort na nasayang sa gagong ito. Bumalik sa kanya ang halos lahat ng

*Songs Of The Heart - Ella Gualvez*

---

bagay na ginawa niya para kay Lance mula nang mga bata pa sila. Lalong nanginig si Victoria sa galit.

“Magsama kayo ng cheap earring mo!” Nanlilisik ang mga mata niya sabay bira ng labas ng pinto nang hindi man lang ito binigyan ng chance makapag-retaliate.

## 2

“Sorry, Miss. Kahapon pa natapos ang audition, hindi na kami tumatanggap ng applicants.”

Nanlumo si Victoria nang marinig iyon mula sa babaeng receptionist sa lobby ng *LV*, ang isa sa pinakamalaki at pinaka-successful na recording company sa bansa at rival rin ng *Torah Records*, ang recording company ng *Andromeda*.

“Miss, may napili na ba sila? O on deliberation pa?” Kulang na lang lumuhod siya sa harapan ng receptionist.

“Miss, I’m sorry, pero hindi ko rin alam ang details—”

“Alam mo ba kung kanino ako puwedeng mag-inquire? Please, I really need to know.”

Twelve hours ago, hindi papasok ni sa panaginip ni Victoria na magde-demand siya ng ganito sa kahit na sinong tao. The Victoria twelve hours ago was way too meek para gawin iyon.

Pero patay na ang Victoria na iyon. She died twelve hours, three minutes and forty-five seconds



ago; murdered, butchered by Lance Montalvo, ang kanyang kaibigan for fourteen years mula noong five years old siya, at ang kasalukuyang hottest at most famous lead male vocalist sa Philippine music industry.

“Wala rin dito ngayon ’yung staff na puwede mong kausapin tungkol d’yan, mamaya pang after lunch darating ’yon. If you want, you can wait here at the lobby,” offer nito. Victoria was restless.

If only twelve hours na mas maaga niyang nalaman ang pagiging hudas ni Lance, wala sana siyang problema. Sana naka-attend siya sa last day ng audition para sa lead vocalist ng *Liger* kahapon.

*Liger* ang controversial female band na binubuo ng *LV*. Dahil sa phenomenal hit ng *Andromeda*, nagsimulang bumuo ang kabilang recording company ng all-female band bilang pantapat dito at iyon nga ang *Liger*. It was a big project for *LV* at nag-tour pa nga ito nationwide para maghanap ng members. So far, nakakuha na ito ng apat ng miyembro at tanging lead vocalist na lang ang hinananap nito.

Ang maging lead female vocalist ng *Liger* ang tanging nakikita ni Victoria na paraan para mapabagsak si Lance. Ang pulutin sa kangkungan ang records ng *Andromeda* ang pinakamagandang paraan

para pabagsakin ang kababata. To see him all weepy, miserable and desperate, ang langawin ang albums nito... iniisip pa lang niya ang mga iyon, bumibilis na ang tibok ng puso niya sa excitement, napapangiti siya at nakakaramdam ng matinding satisfaction at pure ecstasy. She would really revel, laugh and smile evilly in his misery.

*Shit.* Victoria clenched her fist. *Mananatiling panaginip na lang ba ang lahat?*

“Miss, wala na ba talagang ibang taong puwede akong kausapin? Please I really, really need to talk to someone.” Sa ibang pagkakataon hindi na papansinin ng receptionist ang mga taong nangungulit gaya ni Victoria, but she looked so desperate and miserable, as if her life depended on the audition. Na pakiramdam ng receptionist it would be purely heartless to turn her down. Bumuntong-hininga ang babae.

“Alam mo, I might lose my job for this,” the woman muttered.

“Jaime! Hintay!”

Napaligon ang receptionist sa likuran ni Victoria kung saan nanggaling ang boses ng lalaking tumatakbo mula sa elevator. The receptionist leaned over her.

“Nakikita mo ’yung dalawang lalaking ’yon?” turo nito sa dalawang lalaking mabilis na naglalakad sa gitna ng lobby. Matatangkad ang mga ito. Pamilyar ang hitsura ng isang lalaki, pero hindi niya maalala kung saan niya ito nakita. Pero hindi na bago iyon, after all, Lance was the only existence she ever cared about back then.

Palagay niya, nakita niya ito sa mga magazines. Mukha kasi itong modelo—lean, tall, perfectly sculpted profile, typically handsome.

“Yun sina Sir Greg at Sir Jaime,” anang receptionist, “sila ang in-charge sa pagkuha ng band members ng *Liger*—”

“Really, Miss, thank you! Thank you!”

“Sandali—” Pero nakatakbo na si Victoria palapit sa dalawang lalaki. “Lagot.” Napakagat-labi ang receptionist. “Galit si Sir Jaime sa mga late.”

---

“Excuse me! Excuse me po!”

Nilingon ni Jaime Laurencio ang dalawang tumatakbo palapit sa kanila ni Greg.

“Good morning po,” hingal nitong bati nang maabutan sila. “I know this is sudden and probably

preposterous, pero I want to audition for the lead vocalist ng *Liger*. Alam kong tapos na ang audition kahapon, pero if you could only give me a chance, please please please... just hear me sing.”

Ilang segundo rin sila ni Greg na nanatiling dumbfounded at perplexed sa biglang pagsulpot ng dalaga.

Si Jaime ang unang naka-recover. “Alam mo na pala na tapos na ang audition, then you should also understand that we no longer entertain applicants,” he said curtly, isang tingin lang sa dalaga alam na niyang hindi basta-basta ang pamilyang pinanggalingan nito. Typical rich kid ang hitsura nito, tipong heredera. Her fair smooth skin ay iyong tipo na hindi naaarawan o naalikabukan. Ito iyong mga tipo na nag-iilusyon na makukuha nila ang lahat ng bagay na gusto nila dahil sa power at influence ng pamilya nito. Ayaw na ayaw niya sa mga taong ganoon. Siguro totoo iyon sa ibang propesyon at pagkakataon, pero hindi sa *LV*. Sa *LV*, talent at perseverance ang nagtatagumpay at wala siyang balak na baguhin iyon.

“Please don’t disturb us again,” aniya.

“Pero—”

Hindi na niya ito pinansin at nagpatuloy sa

paglalakad.

---

Pakiramdam ni Victoria lumabas lahat ng energy niya sa katawan.

*Come back! Come back!* pagmamakaawa ng isang parte niya sa typical model type na lalaki, pero nanatili lang siyang tulalang nakatingin dito. *No! Hindi puwede!*

Nagwawala ang mga inner demons niya. Ito na ba ang katapusan ng Operation: Pulutin-sa-kangkungan-ang-gagong-si-Lance Project niya? Shit. Ni hindi man lang umabot ng isang araw. *Kailangan ko na lang ba siya ipakulam? Pero kapag pinakulam ko siya, hindi pa rin talaga ako ang nagpahirap sa kanya, hindi puwede 'yon kailangan ako ang mag-torture sa kanya!*

Mabilis niyang binalingan ang natitirang lalaking katabi.

“Sir, please please please, just hear me sing at least. Hear me sing.” Napahawak na siya sa sleeves ng t-shirt ng lalaking katabi.

“Ah, sorry. You heard the boss.” Naglakad na rin ito pabalik sa elevator.

“Please, please, please, Sir! Hindi ako matatahimik

hanggang hukay kapag di ko nagawa ito. Parang awa n'yo na." Para siyang nalulusaw na kandila.

"I... I can't, sorry talaga." Sinubukan nitong i-disentangle ang kamay niya sa braso nito, pero lalo niyang hinigpitan ang hawak doon.

"No, please, please, please." Nasa elevator na sila noon.

"Miss, you're being unreasonable, tapos na ang audition."

"I know, pero I just—" Natigilan siya at tila nanghina.

Yes, marahil ay tama ito. Lumalamlam ang mga mata niya. Kusang bumitiw ang kamay niya sa braso nito.

"I...I'm sorry," mahina niyang saad. Maybe, hindi talaga ito ang tamang paraan para maghinganti kay Lance. Siguro kailangan niyang maghanap ng ibang paraan.

Tila nagulat ang lalaki sa biglang pag-switch ng behavior niya from extremely persistent to extremely depressed and down. Parang nakonsyensya ito. Narinig niya itong bumuntong-hinininga.

"Fine, gusto mo lang naman na marinig kitang

kumanta, di ba?” Sa likod na utak ng lalaki, iniisip nito na bibigyan lang siya ng chance kumanta para matahimik siya at pagkatapos ay magalang siyang ite-turn down.

“Really?” Mabilis na nagliwanag ang mukha niya.

The guy smiled weakly, medyo nakonsyensya ito because he already decided to turn her down anyway. “Yes, yes. Sige na, sing here for me.”

Nagulat si Victoria, akala kasi niya hahayaan siya nitong kumanta with accompaniment, pero dahil siya ang humihingi ng pabor, alam niyang wala siyang karapatan na mag-inarte o mag-demand pa ng kung ano.

Huminga siya nang malalim. She had always been shy since she was a kid. Sa harap nina Lance at lolo niya lang siya kumakanta. Kontento na siya sa background, supporting Lance in the limelight. But now, she had to sing in front of someone else.

She started to sing ‘*Amazing Grace*’. The moment the lyrics went out of her throat, napatigil ang lalaking kaharap at napatitig sa kanya. Her clear sweet voice enveloped the small chamber like gentle cool water flowing in a stream. Habang kumakanta, nag-flash sa isip niya ang mga memories noong bata pa siya

when she took voice lessons with Lance.

Bata pa ay mahilig na si Lance kumanta. Ang rason kung bakit hell-bent siya mula pagkabata sa pagpa-practice at pag-aalaga sa boses niya ay dahil gusto niyang magustuhan ni Lance ang pagkanta niya. Yes, that was the reason. He had always been her reason for everything.

Natapos na siyang kumanta at natahimik ang lahat. Bumukas ang elevator, pero nanatiling tulala at nakatitig sa kanya ang lalaki.

“Sir, bumukas na po ang elevator,” alangan niyang imporma. Nagulat siya nang biglang dakmain ng lalaki ang kanyang mga balikat.

“Where have you been?” The guy’s eyes were wide.

“W-what do you mean—?”

“Where have you been these last six months n’ung nagpapa-audition kami?” Nanlalaki pa rin ang mga mata nito.

Victoria was dumbfounded.

---

“Jaime, come on, pakinggan mo lang siya and



you'll definitely change your mind. Si Victoria Rodriguez, her voice is perfect, walang glitch, ang linis niyang kumanta, lahat ng notes tinatamaan. Iyong boses niya 'yung tipong mula pagkabata ay inalagaan at sinanay, she's really good."

Patuloy lang na inayos ni Jaime ang mga music sheets at maingat na inilagay ang mga iyon sa clear book, pagkatapos ay ipinasok sa case file niya.

"Greg, I've heard thousands of great voices already, puwede na tayong pumili d'un sa mga 'yon," tukoy niya sa pool of applicants na narinig na nilang kumanta sa auditions nationwide.

"But she's really different, Jaime. Bihira ka nang makakahanap ngayon ng boses na as pure as hers. Isa pa, okay na okay ang image niya sa image na gusto nating i-portray for *Liger*—very sweet, angelic at gentle ang aura na ine-exude niya. She's what we've been looking for—"

"Greg, stop it. Una, six months na tayong nagpa-audition. Kung talagang seryoso siya dito, bakit hindi siya nag-audition noon? Imposibleng hindi niya 'to narinig. She's not serious about this, Greg." Medyo naiirita na talaga siya sa kakukulit ng kaibigan. Iniwang niya ito at lumabas na siya ng office papuntang lobby ng *LV Records*.

*Songs Of The Heart - Ella Gualvez*

---

Jaime walked briskly out of the *LV* lobby papunta sa susunod niyang appointment. Nasa gitna na siya ng lobby nang bigla na lang may humarang sa kanya.

It was a young girl with long brown hair and fair complexion. “Sir! Please give me a chance!” anito.

Napakunot-noo si Jaime as he tried hard to remember kung saan niya nakita ang dalaga.

“Victoria!”

Napalingon siya kay Greg nang marinig itong tinawag ang kaharap niya.

*Victoria?* Then, kuminis ang crease sa noo niya. Ah, Victoria Rodriguez. He looked at her sourly nang maalala kung sino ang kaharap. “Ano’ng ginagawa mo rito?” walang interes niyang tanong.

“Hey, Jaime, don’t be so rough on the kid—”

“I’m sorry. I know I missed my chance... alam kong wala akong k-karapatang mag-demand but please... please just hear me sing. Isang beses lang.”

Naglakad na si Jaime palayo rito. He was going to be late. And seriously, bakit ba ang daming taong mahilig manggulo ng schedule ng ibang tao? Tapos na ang audition for lead vocalist ng *Liger*, kaya kahit gaano pa ito kagaling kumanta o kaganda ang

*Songs Of The Heart - Ella Gualvez*

---

bores nito, that was already beside the point. Heck, simpleng logic, hindi makuha nito.

*Huh! Wake up, People, nailing niyang isip. Sa mundong ito, may mga pagkakataon na isa lang ang chance ang naibibigay sa isang tao, and Victoria Rodriguez already lost hers.*